DEPARTMENT OF
ENVIRONMENT AND
NATURAL RESOURCES

APR 25 1991

ESPESYAL NA UTOS)
BILANG 383 :
TAON NG 1991 )

**PAKSA:** **Ang Paghirang sa Lider-Magsasaka sa Mataas na Lupa bilang "Deputized Forest Officer" ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Kayamanan.**

Alinsunod sa pinaiiral na Pampangulong Kautusan (PD) bilang 705, kasama ng mga nabagong bahagi nito, ang lider-magsasaka ng **Siocon Subanon Association , Kanatuan, Siocon, Zamboanga del Norte** na si **JOSE ANOY** ay hinihirang bilang "Deputized Forest Officer" ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Kayamanan.

Sa pamamagitan ng paghirang na ito, siya ay binibigyan ng mga sumusunod na kapangyarihan na maari niyang isagawa sa loob ng kanyang nasasakupan:

1. Magsiyasat ukol sa mga bagay-bagay na may kaugnayan sa mga paglabag sa mga batas/alituntunin na pinaiiral ng DENR sa larangan ng panggugubat;

2. Umaresto ng mga tao na lumabag, kasalukuyang lumalabag at may balak na gumawa ng labag sa mga nabanggit na batas na kanyang makikita; ito ay maaaring isagawa nang walang kasulatan sa pag-aresto at ayon sa nasasaad sa ika-4 na bahagi ng PD bilang 705.

3. Magkumpiska ng:

   (a) mga kagamitan/sasakyan at tulad nito na ginamit sa paglabag sa mga nabanggit na batas/alituntunin; at

   (b) mga produkto ng kagubatan na pinutol, kinuha at dinala ng mga lumabag sa mga batas/alituntunin na pinaiiral ng DENR.

4. Magbigay katunayan sa mga salaysay ukol sa mga opisyal na mga bagay na may kaugnayan sa mga tungkulin ng DENR; at

5. Kumuha ng mga pinangakuang salaysay o "sworn statement" sa mga opisyal na pagsisiyasat sa ilalim ng mga nabanggit na batas/alituntunin.

Sa lahat ng ito, ang hinirang na "Deputized Forest Officer" ay inaatasang isakatuparan ang mga sumusunod:

1. Dalhin lahat ng mga nakumpiska, kasama ang mga taong gumawa ng paglabag sa batas/alituntunin, sa loob ng itinakdang panahon ng batas;

2. Gumawa ng nararapat na hakbang upang ang kinakailangang panimulang pagsisiyasat ay maisagawa ng mga taong inatasan ng batas;

3. Ipagbigay-alam sa hukuman ang lahat ng mga mahahalagang impormasyon ukol sa mga nagawang hakbang sa pamamagitan ng RED/PENRO/CENRO, na nakakasakop sa kanya bilang "Deputized Forest Officer" ;

4. Magpadala ng buwanang ulat sa RED sa pamamagitan ng nabanggit na CENRO/PENRO tungkol sa lahat ng mga kaso na kanyang nahawakan alinsunod sa kaatasang ito.

Ang paghirang na ito ay magkakabisa ngayong ika-22 ng Abril 1991 at di lalampas sa ika-31 ng Disyembre 1991.

Ang kaatasang ito ay maaaring mapawalang-bisa ng mas maaga sa itiňakdang panahon batay sa mga batas/alituntunin na pinaaiiral ng DENR sa bagay na ito.

FULGENCIO S. FACTORAN, JR
K a l i h i m